**PAGKUBKOB SA MALINTA**
*Jerry Gracio*

Noong Marso 25, 1899, 112 taon na ang nakakaraan, kinubkob ng mga Amerikano ang Malinta. Nang sumunod na araw, Marso 26, nilusob ng mga puwersang Amerikano ang kabayanan ng Polo na nagsilbing headquarters ni Hen. Antonio Luna. Tuluyang bumagsak ang Polo, na sentro ng kampanyang militar ng mga tropang Filipino sa loob ng anim na buwan.

Marami ang hindi nakakaalam sa pangyayaring ito. Dahil natural na mas pamilyar tayo sa mga susing petsa sa engrandeng naratibo ng ating kasaysayang pambansa. Halimbawa, alam natin na idineklara ni Emilio Aguinaldo ang kalayaan ng Filipinas noong Hunyo 12, 1898. Alam din natin na hindi nagtagal ang kalayaang iyon dahil umentra sa eksena ang mga Amerikano. Kaya noong Pebrero 4, 1899, sumiklab ang digmaang Filipino-Amerikano. Nagwakas ito pagkalipas ng halos dalawang taon, nang mahuli si Aguinaldo sa Palanan noong Marso 23, 1901.

**Arena ng Giyera**

Limang buwan bago sumiklab ang giyerang Filipino-Amerikano, inilipat na ni Aguinaldo ang kabesera sa Malolos noong Setyembre 14, 1898. Ito ang dahilan kung bakit nasentro sa Bulacan ang mga aktibidad ng Gobyernong Rebolusyonaryo. Ito rin ang dahilan kung bakit Polo[1] ang naging headquarters ni Hen. Antonio Luna na nahirang na Director de Guerra noong Nobyembre 25. Ang mismong kumbento ng Parokya ni San Diego de Alcala ang ginawang himpilan ng hukbo ni Luna.



**Hen. Antonio Luna, Direktor ng Digma.**



Polo ang naging himpilan ni Luna sa kasagsagan ng giyera kontra sa mga Amerikano.

Strategic ang lokasyon ng Polo. Ito ang unang bayan sa kanlurang bahagi ng Bulacan. Tulad ng Malolos, hindi rin ito basta-basta maaabot ng kanyon ng mga Amerikano na nakaposisyon sa mga barkong nakadaong sa Manila Bay, hindi katulad ng Cavite.

Inihihiwalay ang Polo sa hilagang bahagi ng Maynila ng Tullahan River, hindi katulad ng Malabon na direktang naka-konekta sa Maynila sa pamamagitan ng tranvia. Wala ring maayos na kalsada na nag-uugnay sa Polo at sa Maynila. Noong panahon ng mga Kastila, tatlo lang halos ang pangunahing daan na kumukonekta sa Polo at sa mga karatig na bayan: ang daang Mariquina-Polo (ngayon ay Maysan-Novaliches Road), ang daan sa Pugad Baboy na kumukonekta sa Que Grande (Karuhatan-Gen. T de Leon Road ngayon) at ang kalsadang dumadaan mula Hulong Duhat at Dampalit papuntang Obando. Malaki ang suspetsa ko na ang kalsadang kumukonekta sa Panghulo at Arkong Bato (ngayon ay M.H. del Pilar Street) ay naayos lang noong panahon ng mga Amerikano.

Kagubatan ang malaking bahagi ng magkabilang pampang ng Tullahan. Kailangan mong sumakay ng bangka para makapunta mula sa Potrero papuntang Marulas, dahil wala pang tulay na nag-uugnay sa Potrero at BB.[2] Dalawa ang entry point mula Malabon patungong Polo: ang lumang daan na nakakonekta sa Obando, at ang tulay mula Tinajeros papuntang Malinta (na daanan din ng tren).





**Mapa ng kampanyang militar sa norte. Ang solid lines ay riles ng tren.**

Tren ang nagkokonekta sa Polo sa Maynila. Hindi nagbago ang ruta ng tren mula nang itayo ito ng mga Kastila noong 1875. Mula sa Tutuban, dumadaan ang tren sa Caloocan, at binabaybay ang Tinajeros sa Malabon, tumatawid ng tulay papuntang Malinta, at tumitigil sa estasyon nito sa Dalandanan. Ang ilang lupaing pag-aari ng mga taga-Polo tulad ng mga Marcelo, na ginamit para pagtayuan ng riles ay binayaran ng mga negosyanteng British na siyang investor sa Manila-Dagupan Railways.[3]

Dahil sa strategic na lokasyon ng Polo, nagsisilbi itong *buffer* sa pagitan ng Maynila na kinaroroonan ng mga kaaway, at ng Malolos na kabesera ng Gobyernong Rebolusyonaryo.

**Ang Mga Kaaway**

Halos isang buwan matapos sumiklab ang Digmaang Filipino-Amerikano, dumaong sa Maynila ang dalawang regiments sa ilalim ni Maj. Gen. Lawton sa pagitan ng Marso 10 at 23, 1899. Hinati ito ni Lawton sa dalawang dibisyon na may tigatlong brigada.

 **Maj. Gen. Lawton.**

Ang unang dibisyon, sa ilalim ni Brig. Gen. Arthur MacArthur ang naatasang lumusob sa Malolos. Ang mga sumusunod ang pinuno ng tatlong brigada sa ilalim ni MacArthur: (1) Brig. Gen. H.G. Otis, (2) Brig. Gen. Irving Hale, at (3) Brig. Gen. R.H. Hall. Kalaunan, nadagdag sa ilalim ng komand ni MacArthur ang brigada ni Gen. Wheaton. Umaabot sa 11,780 ang tropa sa ilalim ni MacArthur.[4]

Kung tutuusin, hindi na sana nagkaroon ng pagkakataon ang mga Amerikano na makapaghanda at makakuha ng ganito kalaking puwersa kung sinunod lang ni Aguinaldo ang payo nina Apolinario Mabini at Antonio Luna na lusubin na ang Maynila sa kasagsagan ng giyera kontra sa España. Napapaligiran na noon ng mga tropang Pilipino ang Maynila. Payo rin nina Mabini at Luna na maghanda na ng giyera kontra sa Amerika.

Pero babaklá-baklá si Aguinaldo.[5] Sobra ang tiwala niya sa US at sa kanyang mga ilustradong tagapayo tulad nina T. H. Pardo de Tavera at Pedro Paterno (na promotor ng pagsuko sa España sa ilalim ng Kasunduan sa Biac na Bato). Hindi sinuportahan ni Aguinaldo si Luna at Mabini

 **Emilio Aguinaldo: babakla-bakla**.

dahil sa "pamamayani ng opinyon na kailangan munang gumamit ng diplomasya bago gumamit ng marahas na aksyon."[6] Kaya sa halip na maghanda para sa giyera, inuna ni Aguinaldo ang

pagbubuo ng kanyang gobyerno, pagtawag ng Kongreso (complete with European *hors d'oeuvre* na nakasulat sa French tulad ng *radis olives, sardines aux tomates,* at *saumon hollandais*)[7] at iba pang kabakláan. Kaya nabulaga na lang si Aguinaldo nang "ibenta" ng mga Kastila ang Pilipinas sa Amerika sa ilalim ng Tratado sa Paris, at nang sumiklab ang Digmaang Filipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899.

**Ang Mga Kakampi**

Sa unang salvo ng bakbakan, agad na nakuha ng mga Amerikano ang Maynila. Sunod na nilusob ng mga tropa ni MacArthur ang Caloocan. Agad na namatay ang 40 sa mga tropang Filipino, kasama si Komandante Jose Torres Bugallon.[8] Halos 80 naman ang sugatan. Ganito ang salaysay ng isang doktor na nakasaksi sa mga unang engkwentro ng laban:

"*From six in the morning, the fighting began by sea and land. In the afternoon, our forces were unable to continue the defense of Calooocan, where the grenades and incendiary bombs fell. Two fell directly on the church tower and confusion ensued. The forces retreated toward Tinajeros and Polo…*"[9]

Magpapatuloy ang mga pag-atake at pag-atras ng mga tropang Filipino. Bilang Direktor ng Digma, pinamahalaan ni Luna ang depensa at pag-atake mula sa kanyang himpilan sa Polo. Sa Polo rin siya bumabalik matapos ang mga pag-atake.

Matapos bumagsak ang Maynila, agad na nagplano ang Gobyernong Rebolusyonaryo kung paano mababawi ang siyudad sa kamay ng mga Amerikano. Mula sa Polo, inorganisa ni Luna ang operasyon at hinati ang hukbo sa tatlong brigada.

Ang Kanlurang Brigada ay binubuo ng dalawang batalyon sa ilalim ni Hen. Pantaleon Garcia. Nakahimpil ito sa Tinajeros at sumasakop sa linyada ng hukbo sa Malabon. Brigada Sentral naman ang nasa Malinta na nasa ilalim ng pamumuno ni Hen. Mariano Llanera. Sakop nito mga posisyon sa pampang ng Tullahan River hanggang sa daang Mariquina-Polo. Nakakonekta ang Brigada Sentral sa Silangang Brigada na nakahimpil sa Pasong Dulas sa ilalim ni Col. Hizon. Sakop nito ang Pugad Baboy, Quegrande, Mapulang Lupa at Pasong Dulas.

Nagsimula ang kontra-atake ng mga Filipino madaling-araw ng Pebrero 23, 1899, sa pamamagitan ng pagkanyon sa mga tropa ni MacArthur na nasa Caloocan. Kasabay nito ang paglusob ng mga tropang Filipino sa Sampaloc, San Miguel, San Sebastian, Binondo, San Nicolas, at Tondo. Umabante si Luna palapit sa mga kaaway. Sa talaarawan ng isa sa mga staff ni Luna, nakadetalye ang pagkilos ng Heneral:

"*At 11:25 [am], we were in Tanque, very close to the enemy: near the river was a house and the General ordered it to be burned. From the place, the fire in Manila was clearly seen…*"[10]

Sa maraming mga dokumento noong panahon ng giyera kontra sa United States (US), palaging binabanggit ang Tanque (Tangke). Ito ang nagsisilbing lunsaran ng mga pag-atake at daanan ng mga tropang Filipino at Amerikano. Ang highway na dinadaanan natin mula Malanday hanggang Caloocan ay ipinangalan sa kanya, at hindi sa kanyang anak na si Douglas.



**Gen. Arthur MacArthur.**

Estratehiko ang kinaroroonan ng Tanque. Ito ang unang sitio na madadaanan kung manggagaling ka sa Malabon. Narito ang tulay na dinaraanan ng tren, at maaaring nag-iisang tulay na puwedeng daanan hindi lang ng tren kundi ng artillery. Malaki ang suspetsa ko na Tanque ang sentro ng Malinta noong panahon ng mga Kastila—narito ang bulto ng kabahayan at sentro ng pamayanan. Kapag bumagsak ang Tanque, makakapasok ang mga kaaway. Ito ang dahilan kung bakit tadtad ng *trenches* ang mga lugar na malapit sa Tanque gaya ng ulat na ito ni Col. Francisco Roman:

"*We continued to Potrero and at 11:50 came upon a good trench near Tanque, our guide told us it had been dug during the first revolution [against the Spaniards]…*"[11]

## Mula Polo Hanggang Maynila

Mula sa kanyang kinaroroonan sa Tanque, nasaksihan ni Luna ang paglagablab ng Maynila dahil sa pag-atake ng mga tropang Filipino. Mataas ang morale ng mga sundalo, naniniwala silang oras na lang ang binibilang para bumagsak ang depensa ng mga tropang Amerikano. Patunay nito ang pag-atras ng mga kaaway na naka-posisyon sa La Loma.

Lubos na sana ang tagumpay ng mga tropang Filipino. Pero sa kasagsagan ng pagkubkob sa Maynila, hindi sinunod ng mga tropa mula sa Kawit sa kabuuang disenyo ng pag-atake.

Sa kasagsagan ng laban, naubusan ng bala ang dalawang kompanya mula sa Pampanga sa ilalim ni Maj. Canlas. Ang tropang ito ang una nang nagpa-atras sa mga Amerikano sa La Loma. Dahil

dito, inatasan ang mga tropa mula sa Kawit sa pamumuno ni Capt. Janolino na umatake para tulungan ang puwersa ni Canlas.

Pero laking gulat ng mga kapwa niya opisyal nang sabihin ni Janolino na hindi siya susunod sa anumang atas dahil ang susundin lang niya ay si Hen. Aguinaldo. Dahil sa hindi pagsunod ng mga tropa mula sa Kawit, natalo ang mga sundalong Filipino sa Binondo, naantala ang pag-atake sa ibang sektor, at tuluyang bumagsak ang plano para muling agawin ang Maynila.

Nang malaman ni Luna ang *insubordination* ng mga tropa mula sa Kawit, agad siyang nagpunta sa Balintawak para harapin si Janolino, deteriminadong barilin ang kapitan dahil sa pinsalang ginawa nito sa kampanyang militar. Inawat ng kanyang mga kasama si Luna at pinayuhan na bumalik sa Polo. Nang sumunod na araw, tinanggal sa Balintawak ang tropa mula sa Kawit at inilipat ng ibang lugar.[12]

**Pagkubkob sa Malinta**

Sa kasagsagan ng giyera, paulit-ulit na mararanasan ang ganitong mga problema. Watak-watak ang mga sundalong Filipino, bawat isa ay loyal sa isang pinuno at hindi sa mismong Direktor ng Digma. Sa kabila ng pagsisikap ni Luna na patatagin ang disiplina sa hanay ng hukbo, wala siyang natanggap na suporta mula kay Aguinaldo.


**Mga tropang Filipino.**

Matapos tanggalin sa kanilang puwesto ang mga tropang taga-Kawit, ipinatawag sila ni Luna sa Polo at tinanggalan ng armas dahil sa insubordination. Pero sa halip na parusahan, inilipat lang sila ni Aguinaldo sa ibang pamamahala na hindi saklaw ni Luna.

Ang mga tauhan ding ito ni Janolino ang kalaunang bubuo sa Presidential Guard ni Aguinaldo at papatay kay Luna sa mismong himpilan ng Presidente sa Cabanatuan.

Ang mga ganitong problema ang nagpahina sa depensa ng mga tropang Filipino nang magsimula nang lumusob papunta sa norte ang tropa ni MacArthur.

Sa ilalim ng plano na inilatag ni Brig. Gen. H.G. Otis, papalibutan ng mga tropang Amerikano ang mga sundalong Filipino via Novaliches, habang sabay na sumasalakay sa kahabaan ng riles ng tren at hinaharangan ang lahat ng posibleng daanan papunta sa norte.[13] Sa ganitong paraan, mapuputol ang ugnayan ng mga tropang Filipino sa Malolos. Ang brigada ni Brig. Gen. Hale ang

naatasang magmartsa papuntang Novaliches para harangan ang mga tropang Filipino. Ang tropa naman ni Brig. Gen. Wheaton ang aatake sa linyang binabaybay ng Manila-Dagupan Railways.

Pero sa simula pa lang, hirap na ang Amerikano. Hindi nila kabesado ang terrain. Hindi nila alam na walang kalsadang direktang naka-konekta mula Maynila papuntang Novaliches, kung meron man, ito ay daang-kalabaw at hindi maaaring daanan ng artillery. Kaya usad-pagong ang pagmartsa ng brigada ni Hale.


**Mga tropang Amerikano sa Malinta, 1899.**

Umabante pa-norte ang tropa ni Wheaton noong Marso 25, 1899. Binaybay nito ang riles ng tren mula sa Tinajeros. Hindi alam ni Wheaton na nag-aabang na ang mga tropang Filipino na naghanda ng isang elaborate na depensa sa Malinta. Kasama dito ang pagtatago sa isang simbahan na may pader na "apat na pulgada ang haba."[14] Nautakan ng mga Filipino ang Amerikano sa Malinta. Ayon sa ulat ng mismong mga Amerikano:

"*...they [Filipino] had measure the ground from the railroad brigade to the church and at seventy five yard intervals had erected large poles bearing flags. By means of these markers, they were able to determine the exact range of attacking troops. As the Americans passed the poles, the Insurgents could adjust the sights on their rifles accurately. In some of the trenches, rifles had been placed in fixed positions aimed at the height of a man's body. By this method, it was not necessary for the defender to expose himself by firing and it was literally impossible for him to shoot over the head of the advancing troops.*"[15]



**Sundalong Amerikano at Filipino prisoners of war sa Malinta.**

Umabante ang mga tauhan ni Wheaton, hindi alam na matiyagang naghihintay ang mga sundalong Filipino. Hindi kaagad sila nagpaputok. Hinintay nilang makalapit ang mga Amerikano, para walang masayang na punglo. Nang 200 yarda na lang ang layo ng mga kaaway, pinaulanan nila ng bala ang mga kalaban.

Niratrat ng mga Filipino ang 22nd Infantry na nasa unahan ng umaabanteng puwersa. Isa sa mga unang tinamaan ang first sargeant at mismong regimental commander ng batalyon na si Col. Henry Clay Egbert.



**Col. Henry Clay Egbert: unang biktima ng Labanan sa Malinta.**

Marami pang bumagsak, sugatan. Matapos magpaulan ng bala, agad na nagsitakas ng mga Filipino. Ayon nga sa isang ulat ng mga Amerikano: *"...dividing up, after the manner of the Indians, so that they could not be successfully pursued.*"[16]

Matapos makuha ang Malinta, sunod na nilusob ng mga Amerikano ang kabayanan ng Polo. Bumagsak ang Polo sa kamay ng mga Amerikano noong Marso 26, 1899.

Hindi na naka-abante pa ang puwersa ni Hale sa hilaga ng Polo. Ito ay dahil sa "masukal na kagubatan sa hilagang bahagi ng bayang ito."[17]

**Mga Mamamayan Kontra Amerikano**

Kung babasahin ang mga aklat pangkasaysayan, parang ang lagi lang naka-rekord ay ang papel ng mga kapitan, koronel, at heneral. Para bang ang mga karaniwang tao ay salimpusa lang sa giyera.

Pero makikita natin sa Valenzuela na hindi passive na tagamasid ang mga taga-Polo. Aktibo silang nakisangkot sa giyera kontra sa mga Amerikano. Halimbawa, noong Pebrero 28, 1899, sumulat si Mabini kay Aguinaldo.[18] Ayon kay Mabini, nagpunta sa kanya ang Presidente Municipal ng Polo (si Rufino Valenzuela). Inireklamo nito ang pananakit at tortyur na ginawa ng mga tauhan ni Col. Pacheco sa tinyente del barrio ng Maisan. Ninakawan pa ng mga tauhan ni Pacheco ang naturang tinyente del barrio.

Ayon kay Mabini, ang ganitong mga insidente ay magpapahina ng suporta ng taumbayan sa gobyernong rebolusyonaryo. Ayon pa kay Mabini, kung kakampi ng rebolusyon ang mga tao, hindi man ito manalo ngayon, mananalo ito sa hinaharap.

Pero ang mismong pagsusumbong ni Valenzuela kay Mabini ay patunay na may suporta ng mga taga-Polo ang giyera kontra sa Amerika. Kung walang tiwala ang mga mamamayan sa gobyernong rebolusyonaryo, hindi na ito magsusumbong pa kay Mabini. Kung walang suporta ang rebolusyon, madali sanang mapapasok ng mga Amerikano ang Malinta.

**Lokalisasyon ng Kasaysayan**

Nagsimula ako sa pagtalakay ng mga pangyayari sa pambansang antas dahil nakaugnay ang lokal na kasaysayan sa mga pangyayaring ito sa antas nasyonal.

Diyalektikal ang relasyon ng lokal at pambansang kasaysayan. Ibig sabihin, ang pambansa ay nakakaapekto sa lokal na kasaysayan. Pero hindi ito *one way* dahil naapektuhan din ng mga pangyayari sa lokal na antas ang kasaysayang pambansa. Nakita natin ito sa naratibo ng salaysay hinggil sa pagkubkob sa Malinta.

Mahalagang gunitain ang Araw ng Pagkubkob sa Malinta (*Seige of Malinta*) upang ilapit ang kasaysayan sa puso ng mga taga-Valenzuela.



VOL. XXXI

FILIPINOS HAVE FIRED MALABON AND ARE FLEEING TO MALOLOS

Stronghold of Insurgents Completely Destroyed and the Retreat Upon the Capital Is Begun.

MAY BE REBELS' LAST STAND

MacArthur's Division Pushed Rapidly Upon the Burning Town.

FIGHTING WAS FIERCE AND DESPERATE

THE BATTLE RAGED FOR HOURS.

**Sabi sa diyaryong ito, napasok na ng mga tropang Amerikano ang "Bayan ng Malinta."**

Kapag tinatalakay sa mga paaralan ang Digmaang Filipino-Amerikano, nagmumukha itong malayo, hiwalay sa buhay, sa puso at atay ng mga mag-aaral. Pero kapag nalaman natin na ang Valenzuela mismo, ang Malinta mismo, specifically ang Tangke ang naging arena ng giyera, mas higit itong maiintindihan at maa-appreciate ng mga bata. Puwede nilang bisitahin ang mismong lugar kung saan naganap ang labanan. Ang totoo, nakubkob ng mga Amerikano ang Malinta, pero hindi nila natalo ang mga Filipino sa labang ito. Dahil nautakan sila ng mga tropang Filipino.

Panahon nang gunitain ang kabayanihan, hindi lang ng mga tropang Filipino, sa labanan sa Malinta, kundi ang kabayanihan mismo ng mga naninirahan sa Malinta, at ng mga mamamayan ng Valenzuela.

**Mga Tala**

[1] Polo muna ang itatawag natin sa teritoryong kilala natin ngayon bilang Valenzuela dahil mas kilala ito sa ganitong pangalan mula 1623 hanggang 1956.

[2] Wala pa ring BB noon dahil naitayo lang ang Balintawak Beer Brewery noong 1937.

[3] Salamat kay Allan Marcelo ng Dalandanan na ininterbyu ang kanyang mga lolo para sa impormasyong ito. Noon pa namin pinagtatalunan ng mga kaibigang mahiligin sa kasaysayan kung dati nang may kalsada sa daang binabagtas ngayon ng MacArthur Highway. Ayon kay Joselito delos Reyes, malamang mayroon dahil dumadaan ang kasalukuyang MacArthur sa lumang munisipyo ng Bigaa (Balagtas ngayon). Pero tinuldukan ng interbyu ni Marcelo ang aming pagtatalo. Ang riles lang ng tren ang nag-e-exist noong 1899, wala pa ang MacArthur. Ang kalsada na dumadaan sa Bigaa ay bahagi ng antigong Calle Real na dumadaan sa Obando at lumulusot sa Plaridel.

[4] Tingnan ang Taylor, John R.M. Taylor, *The Philippine Insurrection Against the United States*. Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1971,, Vol. IV, p. 208. Tingnan din ang James A. LeRoy, *The Americans in the Philippines.* Boston: Houghton Mifflin Co., 1914, p. 30.

[5] *Fickle-minded* ang ibig kong sabihin, bagamat ayon kay Renato Constantino, hindi lang ito ang problema ni Aguinaldo dahil ang kanyang pamumuno ay kakikitaan ng pag-uurong-sulong, oportunismo, at pag-aatubili sa pakikipag-ugnayan sa mga Amerikano.

[6] Alejandrino, Jose. *The Price of Freedom*. Manila: 1949, p. 140. Unang inilathala bilang *La Senda del Sacrificio* noong 1933.

[7] Makikita ang menu ng Kongreso ng Malolos sa *Harper's History of the War in the Philippines.* Marrion Wilcox, ed. London: Harper & Bros., 1900, p. 73.

[8] Si Jose Torres Bugallon ay dating bahagi ng hukbong Español na ni-rekrut ni Luna sa panig ng hukbong Filipino. Si Bugallon ang naging ayudante ni Luna at isa sa pinakamahusay na opisyal sa hukbong Filipino. Nabaril siya sa labanan sa La Loma noong Pebrero 5, 1899. Nang masugatan si Bugallon, sumigaw si Luna: “Huwag nating payagang makuha siya ng mga kaaway dahil katumbas siya ng 500 tao!” Bilang parangal sa unang bayani ng Digmaang Filipino-Amerikano, unang ipinangalan kay Torres Bugallon ang dating Pugad Baboy (na kalaunan ay pinalitan din ng Gen. Tiburcio de Leon). Tingnan ang Angel V. Guerrero, *Biag ni General Antonio Luna*. Manila: Service Press, 1933, p. 22.

[9] Santiago Barcelona. "The Diary of Santiago Barcelona," nasa *Aguinaldo's Odyssey*. Manila: Publications of the Bureau of Public Libraries, 1963, p. 107.

[10] Taylor, *The Philippine Insurrection*, Vol IV, p. 585.

[11] Taylor, *op. cit.*, p. 586.

[12] Para sa insidenteng ito, tingnan ang Dr. Eugenio Hernando. "Why Four Companies of the Kawit Battalion Were Disarmed," nasa Juan Villamor. *La Tragedia de Cabanatuan: Crimen o Razon de Estado?* Manila: 1931, p. 321-323.

[13] Para sa detalyadong pagtalakay sa plano ni Otis, tingnan ang Alden March. *The History and Conquest of the Philippines and Our Island Possessions,* Philadelphia: World Bible House, 1899, p. 98.

[14] March, *The History and Conquest,* p. 113.

[15] March, *op. cit.*, p. 114.

[16] Marcus Wright. *Wright's Official History of the Spanish-American War,* Washington: War Records Office, 1900, p. 606.

[17] Ayon kay March, nabigo si Hale dahil sa "*the roughness of the ground and thickness of the jungle which prevented him from getting far enough around the north of Polo to shut the enemy in.*" March, *op. cit.,* 115.

[18] Ang texto ng sulat ay nasa Jose P. Santos. *Si Apolinario Mabini Laban kay Antonio Luna,* wp, pp. 16-17